

COMMUNITY OPINION VOTE BALLOT (SAMPLE LAMANG)

Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Translation na Ito

*Ang naka-translate na bersiyon na ito ay inilalaan para tulungan ang mga botante na maunawaan ang Community Opinion ballot bago itanghal ang local government election at hindi ito magagamit para bumoto. Ang mga opisyal na balota para sa eleksyon ay makukuha sa **Ingles lamang**. Kung kailangan ninyo ng tulong sa translation sa panahon ng eleksyon, maaari kayong magsama ng táong makakatulong sa inyo.*

Kung may pagkakaiba sa mga salitang ginamit sa naka-translate na dokumentong ito at sa opisyal na balota sa Ingles, ang balota sa Ingles ang siyang opisyal na bersiyon.

PAMBUNGAD

Dahil palaki nang palaki ang ating populasyon ay iniisip ng Langley City na mag-invest sa dalawang malaking community facilities. Ang inisyatibong ito ay tinatawag na Invest Langley City. Kung mangyayari man ito ay gagamitin ng City ang utangin at ang iba pang maaaring pagkunan ng funding tulad ng government grants, donations, fees na sisingilin sa developers, internal reserves, casino revenues, at user fees para pondohan ang bagong facilities.

Iniiimbita ng Langley City ang mga botante na sagutin ang non-binding community opinion vote na ito tungkol sa community investment facilities na maaaring gawin.

Ang mga resulta ay makakatulong sa papasók na Council sa paggawa ng anumang mga desisyon sa darating na panahon tungkol sa mga iminumungkahing proyekto, kabilang na ang patuloy na pagpapalano at pagkompirma ng mga maaaring maging opsyon sa funding. Kung nagpasiya ang bagong Konseho na gawin ang alinmang proyekto, magkakaroon ng binding vote sa darating na panahon bago gumawa ng final decision.

Ang inyong paglahok ay kusang-loob at walang kinalaman sa General Election (Pangkalahatang Eleksyon) na itinatanghal.

MGA PAGLALARAWAN NG INVESTMENT AT KUNG ANO ANG IBIG SABIHIN NITO PARA SA TAX

Investment Option 1

Sa **Al Anderson Memorial Pool Expansion**, magkakaroon ng bagong building na may steam room at sauna, hot tub, leisure pool, at change rooms. Kasama rin dito ang improvements sa kasalukuyang building at pool para ito'y mapapalakad nang buong taon.

Ang kasalukuyang tinatayang capital cost ay \$73 milyon. Kung hindi makakakuha ang City ng ibang mapagkukunan ng funding, ang magiging tax impact para sa homeowners ay **humigit-kumulang sa 2.95% bawat taon para sa apat na taon** at pagkatapos ay mananatili nang pareho hanggang bayád na ang loan (tatlong (30) taon o mas kaunti ang period ng loan).

- Para sa isang average single-family home: ang halagang ito ay mangangahulugan na **magkakaroon ng increase o pagtaas nang mga \$100 bawat taon para sa unang apat na taon.**
- Para sa isang average multi-family home (kabilang na ang mga may-ari ng condos): ito'y mangangahulugan na **magkakaroon ng increase o pagtaas nang mga \$45 bawat taon para sa unang apat na taon.**
- Ang commercial property owners ay magbabayad din. Ang mga umuupa ay hindi magbabayad ng mga tax na ito, pero ang tax impact ay maaaring makaapekto sa rental rates na sinisingil ng mga landlord.

Investment Option 2

Sa **Timms Community Centre Expansion at ng kasamang bagong Performing Arts and Cultural Centre**, gagawa ng improvement at expansion sa kasalukuyang fitness at recreation area at magkakaroon ng bagong half-gym. Kabilang din dito ang isang 500-seat performance theatre na may concession (pagkain), multipurpose rooms, isang gallery and exhibit space, commercial spaces, isang outdoor plaza, at underground parking.

Ang kasalukuyang tinatayang capital cost ay \$107 milyon. Kung hindi makakakuha ang City ng ibang mapagkukunan ng funding, ang magiging tax impact para sa homeowners ay **humigit-kumulang sa 4.29% bawat taon para sa apat na taon** at pagkatapos ay mananatili nang pareho hanggang bayád na ang loan (tatlong (30) taon o mas kaunti ang period ng loan).

- Para sa isang average single-family home: ang halagang ito ay mangangahulugan na **magkakaroon ng increase o pagtaas nang mga \$150 bawat taon para sa unang apat na taon.**
- Para sa isang average multi-family home (kabilang na ang mga may-ari ng condos): ito'y mangangahulugan na magkakaroon ng increase o pagtaas **nang mga \$65 bawat taon para sa unang apat na taon.**
- Ang commercial property owners ay magbabayad din. Ang mga umuupa ay hindi magbabayad ng mga tax na ito, pero ang tax impact ay maaaring makaapekto sa rental rates na sinisingil ng mga landlord.

Investment Option 3

Kung isasagawa ng City ang **dalawang investment** na ito at hindi ito makakakuha ng iba pang mapagkukunan ng funding, ang pinagsamang tax impact ay magiging **mga 7.24% bawat taon para sa apat na taon**, at pagkatapos ay mananatiling pareho hanggang bayád na ang loan.

- Para sa isang average single-family home: ang halagang ito ay mangangahulugan na **tataas nang mga \$250 bawat taon para sa unang apat na taon.**
- Para sa isang average multi-family home (kabilang na ang mga may-ari ng condos): ito'y mangangahulugan na **tataas nang mga \$110 bawat taon para sa unang apat na taon.**
- Ang commercial property owners ay magbabayad din. Ang mga umuupa ay hindi magbabayad ng mga tax na ito, pero ang tax impact ay maaaring makaapekto sa rental rates na sinisingil ng mga landlord.

Mga Tanong sa Poll

1. Sinusuportahan ba ninyo ang Langley City sa paggawa ng Al Anderson Memorial Pool Expansion, na siyang maaaring magdulot ng tax tulad ng nakalarawan sa itaas?
☐ Oo ☐ Hindi
2. Sinusuportahan ba ninyo ang Langley City sa paggawa ng Timms Community Centre Expansion at ng kasamang bagong Performing Arts and Cultural Centre, na siyang maaaring magdulot ng tax tulad ng nakalarawan sa itaas?
☐ Oo ☐ Hindi
3. Sinusuportahan ba ninyo ang Langley City sa paggawa ng Al Anderson Memorial Pool Expansion AT ng Timms Community Centre Expansion at ng kasamang bagong Performing Arts and Cultural Centre, na siyang maaaring magdulot ng tax tulad ng nakalarawan sa itaas?
☐ Oo ☐ Hindi
4. May-ari ba kayo ng isang tahanan sa Langley City?
☐ Oo ☐ Hindi
5. May-ari ba kayo ng isang pangkomersiyong negosyo sa Langley City?
☐ Oo ☐ Hindi

Maraming salamat sa inyong panahon para lumahok.